R.A. 9208

The Anti-Trafficking in Persons Act of 2003

Filipino Edition

NOtotrafficking

Ang babasahing ito ay nailathala sa pagtataguyod ng United States Agency for International Development (USAID) sa ilalim ng mga termino ng Grant No. AID-492-G-00-02-00022-00. Ang mga kuro-kurong nasasaad dito ay sa mga may-akda at maaaring hindi sumalamin sa pananaw ng Solidarity Center at USAID.

Pamamatnugot, disenyo,
paglalatag at limbag ng
YC Publication Consultants
mobile: (0920) 924 3537
email: ycpub@yahoo.com

Ano ang *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao?

Ang *trafficking* (pagkakalakal) ng tao ay kinabibilangan ng pangangalap, paghahakot, pagkakanlong o pagbebenta ng mga tao, sa loob ng isang bansa o sa pagitan ng mga hangganang bansa, upang pagsamantalahan ang kanilang lakas paggawa. Ang mga taong ikinalakal ay isinadlak sa prostitusyon, paninilbihang pantahanan, gapos na paggawa sa mga pabrika, at iba pang mga uri ng mapang-aliping trabaho o gawain.

Ang mga *traffickers* (mangangalakal ng tao) ay gumagamit ng iba't ibang paraan ng pamimilit katulad ng panlilinlang, pandaraya, pananakot, pagbabanta, paggamit ng pisikal na lakas, o pagtatali sa utang upang makontrol ang kanilang mga biktima.

Sa larangan ng mga pandaigdigang gawaing kriminal, ang pagkakalakal ng tao para sa prostitusyon o sapilitang paggawa ang isa sa pinakamabilis lumaganap. Ang pangangalakal ng tao ay pinagkakakitaan ng 7-12 bilyong dolyares taon-taon, at itinuturing ngayon bilang ikatlong pinakamalaking pinagmumulan ng pagkakakitaan ng mga sindikato, kasunod ng pagkakalakal ng droga at baril.



Milyon-milyong tao ang ikinakalakal ng mga sindikato at mga grupong kriminal sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ang pinakamalaking bilang ng mga biktima ay mula sa Asya.

Kababaihan at mga bata ang karaniwang biktima ng pangangalakal. Sila ay kinakalap at pinangangakuan ng disenteng hanapbuhay sa ibang lugar o sa ibang bansa. Subalit sa halip na makahanap ng marangal na trabaho, nasusumpungan na lamang ng mga ikinalakal na kababaihan at kabataan ang kanilang mga sarili sa iba't ibang uri ng sapilitang paggawa o di kaya ay prostitusyon.

Habang ang pagkakalakal ng droga at baril ay pinapatawan ng mabigat na kaparusahan, ang *trafficking* (pagkakalakal ng tao) ay walang mabigat na kaparusahan sa maraming bansa. Bukod pa rito, wala pang ahensyang *mail-order* na naparusahan, sa kabila ng patuloy na pagtaas ng mga insidente ng *mail-order marriages* sa pamamagitan ng mga ganitong ahensya.

May batas ang Pilipinas laban sa *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao: ang Anti-Trafficking in Persons Act of 2003.

Ang Republic Act No. 9208, o ang Anti-*Trafficking* in Persons Act of 2003 ay ang bagong batas mula sa Kongreso na nagtatakda ng mga patakaran para sugpuin ang pagkakalakal ng tao, lalo na sa mga kababaihan at mga bata. Nagtatag ito ng mga mekanismong institusyunal na kinakailangan upang pangalagaan at tulungan ang mga taong ikinalakal. Nagtatakda din ito ng kaparusahan para sa mga nagkasala.

May mga tiyak na saligan ang *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao.

Sa ilalim ng Anti-*Trafficking* in Persons Act of 2003, ang mga saligan ng pangangalakal sa tao ay ang mga sumusunod:

a. Pangangalap, paghahakot, pagkakanlong o pagtanggap ng tao;

b. Pangangalap, paghahakot, pagkakanlong o pagtanggap ng tao, may pahintulot man ng biktima o wala;

c. Pangangalap, paghahakot, pagkakanlong o pagtanggap ng tao sa loob o sa pagitan ng mga hangganang bansa;

d. Pagbabanta sa mga biktima o paggamit ng dahas o iba pang anyo ng pamimilit; pagdukot, pandaraya, panlilinlang, pang-aabuso sa kapangyarihan o posisyon; pagbibigay o pagtanggap ng bayad o kapakinabangan upang makuha ang pagsang-ayon ng isang taong may kapangyarihang pumigil sa ibang tao; at

e. Pangangalap, paghahakot, panganganlong o pagtanggap ng tao para sa pananamantala, tulad ng pananamantalang sekswal, sapilitang paggawa o paninilbihan, pang-aalipin o iba pang kalakarang kahalintulad ng pang-aalipin, at pagtatanggal o pagbebenta ng bahagi ng katawan ng tao; o iba pang mga kahalintulad na gawain.



May tatlong uri ng *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao.

Pinarurusahan ng Anti-*Trafficking* Act of 2003 ang tatlong uri ng mga gawaing pangangalakal:

1. Mga gawaing *trafficking* (pagkakalakal) ng tao;
2. Mga gawaing nagtataguyod sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao; at
3. *Qualified trafficking* (pagkakalakal) ng tao.

May Pagkakaiba ang *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao sa *Smuggling* (Pagpupuslit) ng Tao.

***Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao**	***Smuggling* (Pagpupuslit) ng Tao**
Karaniwang may pamimilit	Karaniwang walang pamimilit
Humahantong sa pananamantala matapos na maipasok nang ilegal ang isang tao sa ibang bansa	Kinatatampukan ng pagtanggap ng bayad para sa pagpapadali ng ilegal na pagpasok ng isang tao sa ibang bansa
Itinuturing na usaping pang-karapatang pantao	Itinuturing na usaping pandarayuhan

Anu-anong mga gawa ang tinuturing na *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao?

a. Pangangalap, paghahakot, paglilipat, pagkakanlong, pagkakaloob o pagtanggap ng tao sa anumang paraan sa layuning isadlak ang taong ito sa prostitusyon, pornograpiya, pananamantalang sekswal, sapilitang paggawa, pang-aalipin, sapilitang paninilbihan o pagkagapos sa utang;

b. Pagpapakilala dahil sa salapi o iba pang kabayaran ng sinumang Pilipina sa isang dayuhan bilang mapapangasawa, o pag-aalok ng sinumang Pilipina sa isang dayuhan bilang *prostitute*;

c. Pag-aalok ng kasal o pagpapakasal upang makakuha, makabili, makapag-alok, makapagbenta o makipagpalitan ng tao upang itulak sa prostitusyon o iba pang *exploitation*;

d. Pagsasagawa o pag-oorganisa ng mga programang paglalakbay at pamamasyal na pang-turismo upang makagamit o makapag-alok ng mga tao para sa prostitusyon, pornograpiya o pananamantalang sekswal;

e. Pagmementena o pagbabayad ng taong ipapasok sa prostitusyon o pornograpiya;

f. Pag-aampon o pagpapadali ng pag-ampon ng mga tao para sa prostitusyon, pornograpiya, pananamantalang sekswal, sapilitang paggawa, pang-aalipin, sapilitang paninilbihan o pagkagapos sa utang;

g. Pangangalap, pag-uupa, pag-aampon, paghahakot o pagdukot ng tao sa pamamagitan ng pagbabanta o paggamit ng lakas, pandaraya, panlilinlang, dahas, pamimilit o pananakot, upang makapagtanggal o makapagbenta ng mga bahagi ng katawan ng tao; o

h. Pangangalap, paghahakot o pag-ampon ng bata upang isali sa armadong pakikibaka sa Pilipinas o sa ibayong dagat.

* Ipinagbabawal ang paggamit o pagbili ng serbisyo ng mga biktima ng *trafficking* (pagkakalakal) ng tao

Anu-anong mga gawa ang tinuturing na Pagtataguyod ng *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao?

a. Sadyang pagpapaupa o muling pagpapaupa ng ari-arian para magamit sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao;

b. Paggawa, paglilimbag, paglalabas o pamamahagi ng hindi pa nailalabas, *tampered* o huwad na counseling certificates, registration stickers o iba pang katibayang ginagamit ng pamahalaan bilang reglamento sa pag-alis sa bansa upang makapagtaguyod ng *trafficking* (pagkakalakal) ng tao;

c. Pagpapaanunsiyo, paglalathala, paglilimbag, pagsasahimpapawid o pamamahagi, sa anumang paraan, ng kahit anong polyeto, flyer, o kagamitang pang-propaganda na nagtataguyod ng *trafficking* (pagkakalakal) ng tao;

d. Pagtulong sa pagsasagawa ng kasinungalingan o pandaraya upang mapadali ang pagkuha ng clearances o exit documents para makapagtaguyod ng *trafficking* (pagkakalakal) ng tao;

e. Pagpapadali o pagtulong sa paglabas at pagpasok mula/tungo sa isang bansa sa mga internasyonal o lokal na paliparan, hangganang teritoryal at daungan ng mga taong nagtataglay ng hindi pa nailalabas, *tampered* o huwad na mga dokumento sa paglalakbay upang makapagtaguyod ng pangangalakal;

f. Pagsamsam, pagtatago o pagsira sa pasaporte, dokumento sa paglalakbay o ari-arian ng mga taong ikinalakal, o pagpigil sa kanilang pag-alis ng bansa o paghingi ng tulong mula sa pamahalaan at ibang kinauukulang ahensya; o

g. Sadyang pakikinabang ng pera o iba pang uri ng pakikinabang, o paggamit ng paggawa o paglilingkod ng isang taong isinadlak sa kalagayan ng sapilitang paggawa, sapilitang paninilbihan o pang-aalipin.

Anu-anong mga gawa ang tinuturing na *Qualified Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao?

Ang *qualified trafficking* (pagkakalakal) ng tao ay naisasagawa kapag:

a. Ang taong ikinalakal ay may edad na mababa sa 18 taong gulang;

b. Isinagawa ang pag-ampon sa ilalim ng Inter-Country Adoption Law at ang pag-aampon ay para sa prostitusyon, pornograpiya, pananamantalang sekswal, sapilitang paggawa, pang-aalipin, hindi kusang paninilbihan o pagkagapos sa utang;

c. Ang *trafficking* (pagkakalakal) ng tao ay isinagawa ng isang sindikato o sa isang malawakang antas;

d. Ang may-sala ay nakatatandang kamag-anak, magulang, kapatid, tagapangalaga, o taong may kapangyarihan sa taong ikinalakal, o kapag ang *trafficking* (pagkakalakal) ng tao ay ginawa ng isang opisyal o kawani ng pamahalaan;

e. Ang taong ikinalakal ay kinalap upang gawing *prostitute* para sa mga kasapi ng militar o pulisya;

f. Ang may-sala ay kasapi ng militar, pulisya o iba pang ahensyang tagapagpatupad ng batas; o

g. Ang biktima ay namatay, nabaliw, naputulan/nawalan ng bahagi ng katawan o nagkasakit ng HIV o AIDS dahil sa o habang isinasagawa ang pangangalakal.

Sino ang may pananagutang kriminal sa gawang *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao?

Kahit sinong tao, natural man o huridikal, na gumawa ng anumang kasalanan sa ilalim ng RA 9208 ay maaaring parusahan sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao. Kung ang may-sala ay isang korporasyon, sosyohan, samahan, kapisanan, bahay-kalakal o anumang taong huridikal, ang parusa ay ipapataw sa may-ari, pangulo, kasosyo, tagapangasiwa at/o sinuman sa pamunuan na sangkot sa paggawa ng krimen, o sadyang nagpabaya o nagkulang sa pagpigil sa paggawa ng krimen.

Hanggang kailan maaaring magsampa ng kaso ng *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao?

Maaaring magsampa ng kaso laban sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao hanggang 10 taon mula sa araw na nangyari ang krimen. Kung ang *trafficking* (pagkakalakal) ng tao ay isinagawa ng isang sindikato o sa isang malawakang antas, ang kaso ay maaaring isampa nang hanggang 20 taon matapos ang krimen. Ang tinatawag na "prescriptive period" ay binibilang mula sa araw na ang taong ikinalakal ay napalaya mula sa kalagayang mapang-alipin.

Ano ang mga parusa sa *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao?

Gawa	***Parusa***
Qualified Trafficking (Pagkakalakal) Ng Tao	Habang buhay na pagkabilanggo at multa mula P2 milyon hanggang P5 milyon
Aktwal Na *Trafficking* (Pagkakalakal) Ng Tao	20 taong pagkabilanggo at multa mula P1 milyon hanggang P2 milyon
Pagtataguyod Ng *Trafficking* (Pagkakalakal) Ng Tao	15 taong pagkabilanggo at multa mula P500,000 hanggang P1 milyon
Paggamit ng Taong Ikinalakal sa Prostitusyon	*Unang Pagkakasala:* 6 buwan paglilingkod sa pamayanan at multang P50,000 *Mga Sumunod na Pagkakasala:* 1 taong pagkabilanggo at multang P100,000.

Saan maaaring magsampa ng kaso ng *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao?

Ang mga kaso laban sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao ay maaring isampa alinman sa mga lugar kung saan:

a. isinagawa ang *trafficking* (pagkakalakal) ng tao;

b. nangyari ang alinman sa mga elemento ng *trafficking* (pagkakalakal) ng tao; o

c. naninirahan ang biktima nang isagawa ang krimen.

Sinu-sino ang maaaring magsampa ng kaso ng *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao?

Maaring magsampa ng kaso o reklamo laban sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao ang mga sumusunod:

a. ang taong ikinalakal;

b. mga taong may relasyon sa taong ikinalakal:
   1. mga magulang,
   2. asawa,
   3. mga kapatid,
   4. mga anak, o
   5. legal na tagapangalaga; o

c. sinumang may personal na kaalaman tungkol sa krimen.

Ano ang mangyayari sa mga ari-arian, kagamitan o kinita ng mga *Traffickers* (Mangangalakal ng Tao)?

Iuutos ng hukuman ang pagkumpiska at pagsamsam pabor sa pamahalaan ng lahat ng mga kinita at ari-ariang galing sa krimen.

Parurusahan din ba ng batas ang mga biktima ng *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao?

Ang mga taong ikinalakal ay kikilalaning biktima at hindi sila parurusahan sa mga krimeng direktang may kinalaman sa gawaing pagkakalakal o sa pagsunod sa utos ng mga mangangalakal. Hindi mahalaga kung pumayag man o hindi ang biktima.

Paano magsasampa ng kaso ng *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao?



Ano ang mangyayari sa mga Pilipinong biktima ng *Trafficking* (Pagkakalakal) na nasa ibang bansa?

Ibabalik sa Pilipinas ang mga biktima ng pangangalakal na nasa ibang bansa, dokumentado man sila o hindi. Ang DFA ang inatasang magsaayos sa pagpapabalik sa bansa ng mga biktima ng pangangalakal.

Subalit kung ang pagpapabalik sa Pilipinas ng mga biktima ay maglalagay sa kanila sa mas higit na panganib, ang DFA ay makikipag-ugnayan sa pamahalaan ng bansang kasalukuyang tinitirahan ng mga biktima upang mabigyan sila ng permisong makapanirahan doon, at upang mabigyan sila ng nararapat na proteksyon sa naturang bansa.

Anu-anong ahensiya ng pamahalaan ang naatasang magpatupad ng Anti-Trafficking in Persons Act of 2003 (RA 9208)?

Ang Inter-Agency Council Against *Trafficking* (IACAT), kasama ng iba pang mga naatasang ahensiya ng pamahalaan, ang itinalagang magpatupad ng RA 9208. Ang IAC ay binubuo ng mga sumusunod:

- Department of Justice (DOJ), bilang *Pinuno*
- Department of Social Welfare and Development (DSWD), bilang *Katuwang na Pinuno*
- Department of Foreign Affairs (DFA)
- Department of Labor and Employment (DOLE)
- Philippine Overseas Employment Administration (POEA)
- Bureau of Immigration (BI)
- Philippine National Police (PNP)
- National Commission on the Role of Filipino Women (NCRFW)

Mga NGOs sa Inter-Agency Council against Trafficking.

Tatlong kinatawan mula sa mga NGO, tig-iisa mula sa mga sektor ng kababaihan, kabataan at OFW, ang uupo at makikibahagi sa IACAT. Ang mga kinatawan ay hihirangin ng mga ahensiya ng pamahalaan na kasapi sa IACAT at itatalaga ng Pangulo ng Pilipinas. Manunungkulan sila sa loob ng tatlong taon. Tutulong ang mga NGO sa pamahalaan sa pagpigil sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao, sa pagkalinga at pagbalik sa mga biktima sa maayos na pamumuhay sa lipunan, at sa pag-usig sa mga *traffickers* (mangangalakal ng tao).

Anu-ano ang gagawin ng DILG?

- § Magsasagawa ng mga kampanyang nagbibigay kaalaman o impormasyon laban sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao;
- § Susubaybay, magtatala at mangangalaga ng isang databank tungkol sa mga kaso ng *trafficking* (pagkakalakal) ng tao;
- § Mamamatnubay sa mga LGU at baranggay sa pagbabantay sa mga taong nangangalap ng mabibiktima, at sa pagpapataas ng kamalayan ng publiko tungkol sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao;
- § Magpapalakas sa kakayanan ng pamilya at sambayanan na sugpuin ang *trafficking* (pagkakalakal) ng tao; at
- § Gagamitin ang mga naitayong mekanismo at organisasyon upang pigilan at sugpuin ang *trafficking* (pagkakalakal) ng tao.

Anu-ano ang gagawin ng mga LGUs?

- § Magpapalaganap ng impormasyon tungkol sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao;
- § Susubaybay at magtatala ng mga kaso ng *trafficking* (pagkakalakal) ng tao;
- § Magkakansela ng mga lisensya ng mga tiwaling establisimiyento;
- § Makikipag-ugnayan sa iba pang ahensiya sa pagsasagawa ng mga kampanyang pang-impormasyon tungkol sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao;
- § Magtataguyod ng mga hakbanging pangungunahan ng pamayanan laban sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao;
- § Magkakaloob ng batayang serbisyong panlipunan sa mga biktima at kanilang mga pamilya;
- § Magpapasa ng mga local na ordinansa na may layuning sugpuin ang *trafficking* (pagkakalakal) ng tao at kalingain ang mga biktima; at
- § Gagamiting husto ang mga naitayo nang mekanismo at organisasyon upang pigilan at sugpuin ang *trafficking* (pagkakalakal) ng tao.

Anong mga programa ang itinatag para sa mga biktima ng *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao?

Programa ng Pamahalaan ayon sa Batas laban sa** Trafficking **(Pagkakalakal) ng Tao	***Ahensyang Tagapagpaganap***
Epektibong pag-uusig ng mga kaso ng *trafficking* (pagkakalakal) ng tao	DOJ, POEA, LGUs
Programang pagpapanumbalik sa lipunan at rehabilitasyon na hahantong sa mga gawaing kumikilala sa kasarian at lumalaban sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao	DSWD, OWWA, CHED, DepEd
Pagbibigay payo at pansamantalang kanlungan sa mga biktima ng *trafficking* (pagkakalakal) ng tao	DSWD, OWWA
Paglahok sa mga hakbangin at panukalang bilateral, pang-rehiyon at internasyunal laban sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao; pangangalaga sa dangal ng pasaporteng Pilipino	DFA, NCRFW, CFO, BI
Pagbibigay payo sa mga OFW at Pilipinang kasintahan o asawa ng dayuhan bago umalis ng bansa o magpakasal	DFA, OWWA, CFO
Pagsasagawa ng malawakang programang pang-pamayanan na magtuturo, magkakampanya at magbibigay impormasyon laban sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao	POEA, NCRFW, BI, DILG, LGUs, CHR, PIA, OWWA, CFO, DOT
Pagsubaybay at pagtatala ng mga kaso ng *trafficking* (pagkakalakal) ng tao	DILG, LGUs, DOLE, OWWA, DOTC
Pagbubuo ng database para sa pagpapatupad ng batas at pag-usig sa mga *traffickers* (mangangangalakal ng tao)	DILG, LGUs, POEA, PCTC
Libreng tulong at serbisyong legal	DOJ, DSWD, POEA, CHR, IBP
Serbisyong medikal, *psycho-social* at pansamantalang kanlungan	DSWD, DOH
Pagsasanay sa pag-hahanapbuhay, edukasyon, pag-nenegosyo at pagpapaunlad ng kakayanan	DSWD, OWWA, TESDA, DepEd
Tulong sa pagpapaaral ng mga batang ikinalakal	DSWD, OWWA, DepEd
Sistemang pagtanggap ng reklamo, pagsisiyasat at pagdakip	PNP, BI, NBI, CHR
Paglalakip ng mga mensahe tungkol sa *migration* at *trafficking* (pagkakalakal) ng tao sa aralin ng mga batang nasa elementarya at hayskul	DepEd
Pagpapaloob ng mga pagsisikap laban sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao sa antas ng mga barangay, at pagbabantay sa pagtupad ng pamahalaan sa mga international treaties ukol sa karapatang pantao	CHR
Pagsulong, pagsubaybay at pagtataguyod ng mga balangkas at pagbuo ng mga kalakaran laban sa pangangalakal sa mga bata	CWC
Pagsugpo at pagmamatyag sa pangangalakal na may dimensiyong krimeng transnasyunal, at pakikipag-ugnayan sa mga ahensiyang internasyunal na nagpapatupad ng batas	PCTC, NBI
Pagsubaybay ng mga aktibidades ukol saTrafficking sa internet	DOTC, DTI

Pangangalakal/Pagpupuslit: Daanan at Destinasyon

Para sa higit na kaalaman, makipag-ugnayan sa:

COMMISSION ON FILIPINOS OVERSEAS
Citigold Centre, 1345 Quirino Avenue corner
South Superhighway, Manila 1007
TN: (632) 561 8321 local 600-603
FN: (632) 561 8332
Email: cfodfa@info.com.ph
Website: www.cfo.gov.ph

TUCP/Solidarity Center/USAID
Anti-*Trafficking* Project
2F, TUCP Building, Masaya and Maharlika Streets
Diliman, Quezon City, Metro Manila 1101
TN: (632) 433 9440
FN: (632) 921 9758
Email: secretariat@*trafficking*.org.ph
Website: www.*trafficking*.org.ph



Datos at Estadistika tungkol sa *Trafficking* (Pagkakalakal) ng Tao at *Smuggling* (Pagpupuslit) ng Tao

- Noong Disyembre 2002, may tinatayang 7.58 milyong Pilipino ang naninirahan at naghahanap-buhay sa ibang bansa.
- 1.60 milyon sa kanila ay iregular na migrante at pinaghihinalaang biktima ng pangangalakal o pagpupuslit.
- May nakatalang 1,006 na kaso ng *trafficking* (pagkakalakal) ng tao mula 1993 hanggang Disyembre 2001. (Inaakalang mas mataas pa ang aktwal na bilang ng mga taong ikinalakal. Kinakailangan ng isang sistemang mas maaasahan sa pangangalap ng datos.)
- 65% ng mga biktima ay kababaihan; 25% ng mga kababaihang biktima ay isinadlak sa prostitusyon.
- 53% ng mga biktima ay ikinalakal sa Asya-Pasipiko, 25% sa Gitnang Silangan, at 19% sa Europa.
- 51% ng mga biktima ay pumayag o sadyang alam na sila ay ikakalakal, 49% ang mga nilinlang.
- Tumataas ang insidente ng pag-aasawa gamit ang *mail-order* na paraan subalit wala ni isa mang ahensiyang *mail-order* na nahatulan.
- Ang pandaigdigang kita sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao ay tinatayang nasa $7-12 bilyon taun-taon; ang pangangalakal ang ikatlong pinakamalaking pinanggagalingan ng kita ng mga sindikato, sumusunod sa droga at baril.
- Kung ikukumpara sa kaparusahan sa pagkakalakal ng droga at baril, ang parusa sa *trafficking* (pagkakalakal) ng tao ay higit na mababa sa maraming bansa.
- Karamihan sa mga biktimang nasa Europa o papunta sa Europa ay ikinalakal ng mga sindikato.
- Ilan sa mga kilalang sindikato ay ang Camorra ng mga Italyano, Triads ng mga Intsik, Mafia ng mga Ruso, at ang Yakuza ng mga Hapones.
- Ang Camorra ng mga Italyano ay kumikilos sa Italya, Espanya, Alemanya, Brazil at iba pang bahagi ng Latin Amerika.
- Tinatayang may limang libong organisadong grupong kriminal ang bumubuo ng Mafia ng mga Ruso, hindi bababa sa 200 sa mga ito ay may kaugnayan o kumikilos sa 30 iba't ibang bansa.